Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nang simulan ni Hesus ang kanyang pangangaral, siya'y tatlumpung taong gulang, at kinilalang anak ni Jose.

### Pangkalahatang Panalangin

Binigyan tayo ni Kristong Panginoon ng isang bagong utos, ng pag-ibig sa isa't isa. Manalangin tayo sa kanya:

— Panginoon, itaguyod ang iyong sambayanan sa pagmamahalan.

Mabuting Guro, turuan mo kaming mahalin ka sa aming kapwa-tao,
at sa paglilingkod sa kanila'y ang makapaglingkod sa iyo.

— Panginoon, itaguyod ang iyong sambayanan sa pagmamahalan.

Sa krus, iyong hiningi ang kapatawaran para sa mga taong sa iyo'y nagpahirap,
bigyan mo kami ng lakas na mahalin ang aming mga kaaway at ipanalangin ang sa ami'y umuusig at humahamak.

— Panginoon, itaguyod ang iyong sambayanan sa pagmamahalan.

Sa pamamagitan ng misteryo ng iyong katawan at dugo, palalimin mo ang aming pagtitiyaga, ang aming pagtitiwala at ang aming pagmamahalan,
palakasin mo ang mga nanghihina, aluin ang mga nahahapis at bigyan ng pag-asa ang nasa bingit ng kamatayan.

— Panginoon, itaguyod ang iyong sambayanan sa pagmamahalan.

Ilaw ng sanlibutan, ibinigay mo ang liwanag sa taong isinilang na bulag nang siya'y maghilamos sa batis ng Siloam,
liwanagan ang mga tatanggap ng binyag sa pamamagitan ng tubig at ng salita ng buhay.

